BenefitsCal

@BenefitsCal

(855) 355-5757

Pangkalahatang Impormasyon:

Lunes – Biyernes	8:00 AM – 5:00 PM
Sabado	Sarado
Linggo	Sarado

Pinapalakas ng BenefitsCal **ang seguridad** upang protektahan ang iyong **impormasyon**

Pag-log In sa BenefitsCal gamit ang Dalawang-Hakbang na Pagpapatunay

Ano ang Dalawang-Hakbang na Pagapapatunay?

Kinakailangan na ngayon sa BenefitsCal na gumamit ka ng dalawang-hakbang na pagpapatunay upang mag-log in sa iyong account.

Ang dalawang-hakbang na pagpapatunay ay isang espesyal na proseso ng pag-log in na nagpoprotekta sa iyong account at nagliligtas ng iyong impormasyon. Kapag ikaw ay maglo-log in, makatatanggap ka ng isang kodigo sa iyong email o text/SMS message upang matiyak na ikaw ang sumusubok na mag-log in.

Paano ako mag-log in sa BenefitsCal gamit ang Dalawang-Hakbang na Pagpapatunay?

1. Sa homepage ng BenefitsCal, sa itaas na kanang bahagi, i-click ang **Mag-log In**.
2. Ilagay ang iyong email at password.
3. I-click ang **Mag-log In.**
4. Tingnan ang anim na numerong kodigo sa pagpapatunay na ipinadala sa iyong email o text/SMS message na ipinadala sa numero ng mobile phone na konektado sa iyong kaso.
5. Ilagay ang anim na numerong kodigo sa kinakailangang patlang sa screen at i-click ang **SUSUNOD**.
6. Makikita mo ang screen sa Mga Tuntunin ng Paggamit ng BenefitsCal. Pagkatapos tingnan, i-click ang **Tinatanggap Ko** upang sumang-ayon sa Mga Tuntunin.

Paano ko babaguhin ang aking gusto sa Dalawang-Hakbang na Pagpapatunay?

Kung mayroon kang numero ng telepono na nauugnay sa iyong account sa BenefitsCal, maaari mong baguhin ang gusto sa dalawang-hakbang na pagpapatunay sa Pag-log In upang makuha ang kodigo na ipinadala sa mobile phone.

Maaari mong baguhin o itakda ang iyong gusto para sa text/SMS **o** email, **pagkatapos mong** mag-log in sa unang pagkakataon.

Kung pipiliin mong tumanggap ng kodigo bilang isang text/SMS message, kakailanganin mong gamitin ang iyong email bilang iyong username upang mag-log in.

Mangyaring tandaan na ang mga text/SMS message ay maaari lamang ipadala sa isang mobile phone, at naaangkop ang mga singil sa datos at mensahe.

Tanungin si Robin

Ang BenefitsCal ay isang bago, simple, madali at ligtas na paraan para sa mga Taga-California na mag-apply para sa at pangasiwaan ang mga benepisyo na kanilang kailangan.

Bumisita sa BenefitsCal.com

BenefitsCal

@BenefitsCal

(855) 355-5757

Pangkalahatang Impormasyon:

Lunes – Biyernes	8:00 AM – 5:00 PM
Sabado	Sarado
Linggo	Sarado

Pinapalakas ng BenefitsCal ang **kaligtasan** upang protektahan ang iyong **kaso**

Ginagawang Ligtas ng Pagpapatunay ang Pag-ugnay ng Kaso Kaysa Dati

Ano ang Pag-uugnay ng Kaso?
Ang Pag-uugnay ng Kaso ay kung paano maaaring tingnan ng mga kustomer ng account sa BenefitsCal ang kanilang kaso.

Ano ang Pagpapatunay para sa Pag-uugnay ng Kaso?
Upang panatilihing ligtas ang impormasyon sa kaso ng mga kustomer, nagdagdag kami ng bagong paraan upang patunayan na **ikaw** ang nag-uugnay ng iyong kaso online, at **hindi** *isang taong nagpapanggap na ikaw.*

Ang Dalawang-Hakbang na Pagpapatunay ba para sa Pag-uugnay ng Kaso ay pareho sa Dalawang-Hakbang na Pagpapatunay para sa Pag-log In?
Hindi. Papatunayan mo lang ang iyong sarili nang isang beses para sa Pag-uugnay ng Kaso. Ang dalawang-hakbang na pagpapatunay para sa pag-log in ay ginagawa tuwing ikaw ay maglo-log in sa BenefitsCal.

Paano gumagana ang Pagpapatunay para sa Pag-uugnay ng Kaso?
Matapos ilagay ang impormasyon sa kaso ng Pangunahing Aplikante, tatanungin ng BenefitsCal kung paano mo gustong makuha ang iyong link upang patunayan na ikaw ang sumusubok na mag-ugnay ng iyong kaso sa CalSAWS. Maaari mong piliin na tumanggap ng link sa pagpapatunay sa pamamagitan ng email o text/SMS message sa iyong mobile phone. Ang mga opsyon na ito ay magmumula sa impormasyon na mayroon kami sa file. Kung ang impormasyong ito ay hindi nakalista, o hindi tama, maaari kang makipag-ugnayan sa iyong county para sa tulong.

Kung gusto mong ipadala ang Link sa Email, sa aling Email Address ito ipapadala?
Ang link sa pagpapatunay ay ipapadala sa email address na kasama sa iyong file ng kaso. Ang email na ito maaaring iba mula sa email address na ginagamit mo upang mag-log in sa BenefitsCal; tanging ang Pangunahing Aplikante lamang ang maaaring mag-ugnay ng kanilang kaso. Kung gusto mong gumamit ng ibang email, makipag-ugnayan sa iyong county upang baguhin ito.

Kung gusto mong matanggap ang Link sa Numero ng Telepono, sa aling Numero ng Telepono ito ipapadala?
Ang link sa pagpapatunay ay ipapadala bilang isang text/SMS message sa numero ng mobile phone na kasama sa iyong file ng kaso. Ang numero ng telepono na ito ay maaaring iba mula sa ginagamit mo upang gumawa ng iyong account sa BenefitsCal.

Kung mayroon kang higit sa isang numero ng telepono na nakalista, ipapakita ng BenefitsCal ang mga numero ng telepono sa iyong file ng kaso, at pipili ka kung aling numero ng telepono ang gusto mong padalhan ng link.

Kung pipiliin mong tumanggap ng text/SMS, tatanungin ka rin na lagyan ng tsek ang kahon upang sumang-ayon sa pagtanggap ng isang-beses na text/SMS message na may link sa pagpapatunay.

Madali ang Pagpapatunay para sa Pag-uugnay ng Kaso!

1. Kapag naka-log in ka na sa BenefitsCal, makikita mo ang screen sa Pagsalubong - Hanapin ang *Mag-ugnay ng kaso* na hyperlink.
2. **Upang** *magsimula, iugnay ang iyong kaso sa iyong account.*
3. Sa susunod na screen, ilagay ang iyong petsa ng kapanganakan, zip code, county, at numero ng kaso (ilagay ang impormasyon para sa alinman sa iyong mga kaso).
4. Susunod, hihilingin sa iyo na patunayan na ikaw ang nag-uugnay ng iyong kaso.
5. Lalabas ang email address at (mga) numero ng telepono mula sa iyong mga detalye ng kaso.
6. **I-click** ang pindutan na radio sa tabi ng iyong email address o numero ng mobile phone kung saan mo gustong ipadala ang link sa pagpapatunay.
7. Sundin ang mga tagubilin sa ibaba para sa email o text/SMS sa isang mobile phone.

Pagpapatunay sa pamamagitan ng Email

1. Tingnan ang iyong email inbox para sa link sa pagpapatunay mula sa Verify.NoReply@App.CalSAWS.org.
2. Kung wala ang email, tingnan ang spam/junk folder.
3. **I-click** ang link upang patunayan na ikaw to.
4. Pagkatapos ay pumunta sa iyong dashboard upang makita ang iyong mga kaso.

Pagpapatunay sa pamamagitan ng Text/SMS Message (mobile phone)

1. Tingnan ang iyong telepono para sa link sa pagpapatunay mula sa 72422.
2. **I-click** ang link upang patunayan na ikaw ito.
3. Pagkatapos ay pumunta sa iyong dashboard upang makita ang iyong mga kaso.

Mangyaring tandaan na ang mga text/SMS message ay maaari lamang ipadala sa isang mobile phone, at maaaring naaangkop ang singil sa datos at mensahe.

Kung walang mobile phone na nakalista, mangyaring piliin ang email na opsyon o makipag-ugnayan sa iyong county at magbigay ng numero ng mobile phone.

Pagkatapos mong iugnay ang iyong kaso, maaari kang mag-ulat ng mga pagbabago, repasuhin ang mga abiso, impormasyon ng kaso at balanse sa EBT, at kumpletuhin ang mga pagpapanibago o pana-panahong mga ulat, lahat online.

Tanungin si Robin

Ang BenefitsCal ay isang bago, simple, madali at ligtas na paraan para sa mga Taga-California na mag-apply para sa at pangasiwaan ang mga benepisyo na kanilang kailangan.

Bumisita sa BenefitsCal.com

BenefitsCal

@BenefitsCal

(855) 355-5757

Pangkalahatang Impormasyon:

Lunes – Biyernes	8:00 AM – 5:00 PM
Sabado	Sarado
Linggo	Sarado

Pinapalakas ng BenefitsCal ang **kaligtasan** upang protektahan ang iyong **kaso**

Pag-aayos ng Problema sa Pag-uugnay ng Kaso

Paano kung hindi ko alam ang aking email address, hindi ma-access ang aking email, o kailangan ng ibang numero sa mobile phone sa aking kaso?

Makipag-ugnayan sa tanggapan ng iyong county upang baguhin ang iyong email at/o numero ng mobile phone.

Paano kung hindi ko makuha ang link sa pagpapatunay?

- Maghintay ng 15 minuto at tingnan muli.
- Tiyakin na tinitingnan mo ang email/numero ng mobile phone na nasa file na mayroon ng iyong kaso.
- Tingnan ang iyong spam/junk folder.
- Ulitin ang mga hakbang sa itaas upang muling subukan at iugnay ang iyong kaso.
- Kung hindi ka nakatanggap ng email o kung nawalan ng bisa ang link sa pagpapatunay, maaari kang humiling ng bagong link sa pagpapatunay.

Akala ko naiugnay ko ang aking mga kaso, ngunit nakikita ko ang isang mensahe sa aking dashboard na ang pagpapatunay ay nakabinbin pa rin sa email/telepono. Ano ang gagawin ko?

- Tiyakin na tinitingnan mo ang email/numero ng mobile phone na nasa file na mayroon ng iyong kaso.
- Subukang i-click muli ang link na pinadala sa iyong email.
- Subukang iugnay uli ang iyong kaso.

Kung hindi ko ma-ugnay ang aking Kaso, paano ko…?

Mag-apply para sa mga Benepisyo?

- Maaari kang magsimula ng bagong aplikasyon sa pamamagitan ng pagpili ng “Mag-apply para sa mga Benepisyo” mula sa homepage o habang naka-log in sa iyong account.

Tingnan ang aking Katayuan ng Kaso o Kumuha ng Pagpapatunay ng mga Benepisyo?

- Makipag-ugnayan sa tanggapan ng iyong county.

Tingnan ang aking Balanse sa EBT?

- Pumunta sa website ng EBT sa Estado ng California (EBT.ca.gov), gamitin ang ebtEDGE na mobile app o tumawag sa numero ng telepono ng EBT.

Tingnan ang aking Mga Abiso ng Aksyon (NOA, Notice of Action)?

- Ang iyong mga abiso ay ipinadala sa iyo sa pamamagitan ng koreo.
- Kung wala ka ng iyong abiso at gusto ng kopya, makipag-ugnayan sa tanggapan ng iyong county.
- Maaari mo ring tingnan ang iyong NOA sa BenefitsCal.

Mag-upload ng mga dokumento?

- Pumunta sa pahina ng pag-upload ng dokumento sa https://benefitscal.com/ApplyForBenefits/ABADD at ilagay ang:
  - Uri ng Dokumento (kinakailangan)
  - Aplikasyon o numero ng kaso (kinakailangan)
  - County (kinakailangan)
  - Petsa ng Kapanganakan (DOB, Date of Birth) (kinakailangan)
  - Pangalan (opsyonal)
  - Apelyido (opsyonal)

Tanungin si Robin:

Ang BenefitsCal ay isang bago, simple, madali at ligtas na paraan para sa mga Taga-California na mag-apply para sa at pangasiwaan ang mga benepisyo na kanilang kailangan.

Bumisita sa BenefitsCal.com